

*Written by*  
VICTOR FERNANDO R. OCAMPO

# ~ HERE BE ~ DRAGONS

*Illustrated by* JON JAYLO



*Translated into Filipino by* RHANDEE GARLÍTOS



**N**oong mga araw bago pa ipanganak ang kaniyang kapatid na babae, tumutungo si Isabella sa panaderya tuwing hapon upang bilhin ang paboritong tinapay ng kaniyang ina.


Minsan ay mamimitas siya ng bulaklak habang nasa daan. Kung hindi man, nakagawian na ni Isabella ang lumabas sa parehong oras araw-araw, dala ang parehong dami ng barya. Pinaalalahanan din siyang huwag magliliwaliw o makikipag-usap sa mga estranghero, at higit sa lahat, bilhin ang paboritong pan de coco ng kaniyang ina na kinakain nito tuwing alas kuwatro ng hapon, kasabay ng isang basong maligamgam na gatas.






Isang di karaniwang araw, may nagbukas na bagong tindahan sa talunton ng mga lumang bahay. May kakaiba itong pangalan – *Here Be Dragons* – at wala itong ibang tinda kundi mga mapa.

Hilig na hilig ni Isabella ang mga mapa! May librong *Atlas ng Mundo* ang ama niya, nakatupi ang mga pahina na parang mga tainga ng aso, at nakatago sa ilalim ng kaniyang kama. Tuwing gabi, inilalapat niya ang kaniyang daliri sa gitna ng libro at nangangarap na siya ay nasa Addis Ababa, Saskatchewan, Ulan Bator o Llanfairpwllgwyngyll.







Ngunit tila walang lakas ng loob si Isabella na pasukin ang kakaibang tindahan na lagi na lamang tumatawag sa kaniyang puso. Inalok na siya ng kaniyang mga magulang na dalhin siya roon ngunit lagi siyang tumatanggi – natatakot siya na kung makikita niya ang lahat ng mga mapang itinitinda roon, mawawalan na ng puwang ang misteryo at haraya sa kaniyang mga gabi.

“Mabait si Ginoong Strabo, ang matandang lalaki na may-ari ng tindahan,” sabi ng kaniyang ama. “Nabanggit ko sa kaniyang mahilig ka sa mga mapa at inimbitahan ka niyang dumalaw kahit kailan.”


Umiling lamang si Isabella.






Isang maulang araw, isang linggo bago ipanganak ang kaniyang kapatid, nagsawa sa wakas si Isabella sa atlas na bigay ng kaniyang ama. Matapos bilhin ang pan de coco ng kaniyang ina, nagpasya siyang dumaan sa harap ng tindahan at silipin ito.

Nang malapit na siya sa pinto, ibinaba niya ang taklob ng kaniyang kapote at nagtago sa likod ng kaniyang payong na tila isang espiya. Ilang minuto rin siyang naghintay nang may pag-aalinlangan, habang pinapanood ang ulan na ipinta ang kulay ng langit sa lansangan. Sa bandang huli, nagpasya siyang silipin ang loob ng tindahan.








Banayad siyang tumawag sa may-ari ngunit walang nagbabantay.

Tila mas matanda pa sa kaniyang inakala ang *Here Be Dragons*.

May mga antigong mapa na nakapaskil sa mga haligi nito. May mga globong nakatambak sa mga mesang inaalikabok, mga atlas na patung-patong sa mga estanteng kahoy, at mga nakarolyong mapa na nakakalat sa sahig na semento. May dalawang pinto sa likod ng kahera – isang patungo sa maliit na kusina at isa naman sa malawak na aklatan na kakatwang mas malaki pa mismo sa bahay.

Nanaig ang pagkamausisa ni Isabella at pumasok siya sa likod ng kahera upang makita niya ang mga ito nang mabuti.

Napakalawak ng aklatan! Tila walang katapusan ang haba nito. May mga silid na tila mga silid sa bahay-pukyutan na pinagdurugtong ng mga hagdan, lahat ay magkakapatong at lagpas pa sa kayang abutin ng kaniyang mga mata. Nang akmang papasukin ni Isabella ang aklatan, may malaki at mabalahibong kamay na nagsara ng pinto at tumapik sa kaniyang balikat.





“Paumanhin,” sabi ng batang lalaking may kagila-gilalas na kasuotan. Naalala ni Isabella sa kaniya ang isang maestro sa sirko sa suot nitong tsaleko na may disenyong kuwadra-kuwadrado, buklod-kurbata, at mahabang karsonsilyong linyado ng itim at puti. May mataas na sombrero ng itim na may anteparang pampiloto na nakapatong sa ulo nito. May pambihirang bakal na relo na may maraming pihitan ang nakapalibot sa buo niyang kaliwang braso.

Tila magsing-edad ang batang lalaki at si Isabella at napansin niya ang matamis nitong ngiti.

“Di ka puwedeng pumasok diyan,” paalala nito.

“Paumanhin,” sabi ni Isabella.  
“Hinahanap ko si Ginoong Strabo.”







“Ikaw siguro si Isabella,” sabi ng batang lalaki, sabay angat ng kaniyang sombrero.

“Paano mo nalaman ang pangalan ko?” naghihinalang tanong ni Isabella.

“Sinabi mo sa akin,” sagot ng batang lalaki na may pilyong ngiti.


“Parang may mali rito,” sabi ni Isabella. Naisip niyang baka tatay niya ang nagbanggit tungkol sa kaniya. “Nasaan si Ginoong Strabo?”

“Ako si Strabo,” sagot nito, sabay kumpas ng kaniyang kamay sa hangin na tila isang salamangkero. “Hindi Ginoong Strabo kundi Strabo lang.”

“Ikinagagalak kitang makilala, Strabo,” sabik niyang sagot. “Gustong gusto ko ang tindahan mo! Ngunit sino ang mangangailangan ng ganito karaming mapa?”

“Kailangan ng bawat isa ng mapa,” sagot ng bata. “Ang mga mapa ay tulad din ng mga libro. Tumutulong silang buuin ang iyong mundo at hanapin ka sa iyong kinaroroonan.”

“Mayroon na akong atlas,” pagmamalaki ni Isabella. “Naroroon ang lahat ng maaaring makita sa buong mundo.”







“Hindi lamang mga sangkalupaan at karagatan ang maaaring ipakita ng mga mapa,” sabi ni Strabo. “May mga mapang nagtuturo sa landas ng langit at impiyerno, sa lungkot at ligaya. May mga mapa ng musika, ng mga pag-ibig na naglaho at natagpuan. May mga mapa sa mga dako ng imahinasyon na para lamang sa mga mapangarapin at manlilikha ng mga mapa na tulad ko. Kaya kong lumikha ng mapa tungkol sa iyo, kung nanaisin mo.”

“Anong ibig mong sabihin na ‘mapa tungkol sa akin?’” tanong ni Isabella.

“Kaya kong lumikha ng mapa ng iyong buong pagkatao, mula sa dulo ng iyong mga daliri sa paa hanggang sa huling hibla ng buhok sa iyong ulo.”





Itinuro ni Strabo ang nakapinta sa dingding at nagpaliwanag. “Ang ibon kong si Animaxander ang magtatala sa lahat ng iyong makikita at maririnig. Ang oso kong si Erathostenes ang siya naming gagawa nito sa lahat ng iyong hahawakan, at ang mansanas kong si Ortelius ang siyang maglalapat ng mga bagay na iyong titikman sa iyong buhay.”



“Naku! Ngunit magkano po ang mapang iyan?” tanong ni Isabella na nasabik sa pagkakaroon ng isang bagong abentura sa mga mapa. “Wala akong maraming pera.”

“Ang mapang tulad nito ay di nagagawa sa maraming panahon at pagkakataon,” sabi ng batang lalaki. “Ngunit para sa iyo, ang katumbas na bayad ay isang supot ng pan de coco lamang, na iyong ibibigay bago ko ito simulang gawin.”





Binilang ni Isabella sa kaniyang isip ang lahat ng kaniyang naipon at nagpasya siyang may sapat pang matitirang pambili ng tinapay. Humarap siya kay Strabo at nagsabing, “Sige, may kasunduan tayo.”

“Kailangang bigyan mo ako ng sapat na panahon upang magawa ko ito,” sagot nito. “Bumalik ka rito sa oras ng iyong pinakamatinding pag-aalinlangan.”



“Paano ko malalaman kung igagawa mo ako ng isang tunay na mapa?” naniniguro niyang tanong.

“Ang mapa ay nagkakatotoo lamang kung nanggaling ka na rito,” matalinghagang sagot ni Strabo.





Mabilis na nagdaan ang panahon at sa kaniyang ika-isandaan at labing-isang kaarawan, inutusan ni Isabella ang kaniyang apo sa tuhod na si Sophia na bumili ng pan de coco para sa kanilang pang-alas kuwatrong meryenda.

“Patungo sa panaderya ay may madaraan kang tindahan na may pangalang *Here Be Dragons*. Di mo pa ito nakikita sa iyong tanang buhay,” paliwanag niya sa nalilitong bata. “Pumasok ka, mahal ko, at itanong mo sa may-ari ng tindahan na si Strabo kung tapos na ang mapang ipinagawa ko. Bayad na ito at kailangan mo lamang kunin.”



Hawig na hawig ng labing-isang taong gulang na si Sophia ang kaniyang Lola Isabella noong sing-edad niya nito.

Pakandirit na tumawid sa kalsada si Sophia at natunton ang tindahan. Sa loob, nakita niya sa unang pagkakataon ang batang lalaki. Binati siya ni Strabo at iniabot sa kaniya ang mapa ng kaniyang lola.






“Salamat sa maagap mong pagdating,” sagot ni Strabo sabay abot ng isang nakarolyong sulatan. Nakabalot sa mapa ang isang pulang laso na may nakasulat na: *Ang Tumpak na Buhay ni Isabella Ocampo, Edad II.*

“Katatapos lamang gawin ang mapang iyan ilang minuto ang nakalilipas.”





Nagbalik si Sophia sa kanilang bahay nang makita ang isang ambulansiyang pumapalahaw sa kaniyang daraanan.

# Here be Dragons



Minsan sa isang panahon, lumabas si Isabella mula sa isang kamangha-manghang tindahan na may pangalang *Here Be Dragons* at naramdaman niyang tila nakarating na siya rito noon sa kaniyang buhay.

Naalala niya ang sinabi ni Strabo... Ilang minuto lang ba ang nakalipas o isang habambuhay na ang nagdaan?



**A**ng mapa ay nagkakatotoo  
lamang kung nanggaling ka na rito.”



## ABOUT THE AUTHOR

VICTOR FERNANDO R. OCAMPO is a Singapore-based Filipino writer. His writing has appeared in *Apex Magazine*, *Bahamut Journal*, *Lakeside Circus*, *The Philippines Free Press*, *Strange Horizons*, *The Future Fire*, *Likhaan Journal*, *The Quarterly Literature Review of Singapore*, as well as anthologies such as *The Ayam Curtain*, *Fish Eats Lion: New Singaporean Speculative Fiction*, *Lontar: The Journal of Southeast Asian Speculative Fiction*, and the *Philippine Speculative Fiction series* (volumes 6, 9, and 10). Visit his blog at [vrocampo.com](http://vrocampo.com) or follow him on Twitter, @VictorOcampo

## ABOUT THE ARTIST

JON JAYLO's art is inspired by dreams, daily occurrences, and direct experience. Often surreal and whimsical, his works reflect life itself, and the enigma of thought beneath it. His technical skills are widely admired, his depictions vary in display and style, and all are constantly evolving in both idea and form as the artist himself matures.

To date, Jon's works have been showcased in various museums, galleries and art spaces in Germany, Italy, Singapore, Switzerland, the United States, South Korea, and the Philippines.





CANVAS' **One Million Books for One Million Filipino Children Campaign** aims to inspire in children a love for reading by donating its award-winning books to public schools, hospitals, and disadvantaged communities throughout the country.

*A child that reads is a creative, empowered, and imaginative child who will learn independently, envision a brighter future, and ultimately lead a productive and meaningful life.*

You can help us!

For more information, visit [www.canvas.ph](http://www.canvas.ph), email [info@canvas.ph](mailto:info@canvas.ph), or find us on Facebook: **Center for Art, New Ventures and Sustainable Development**.

---

*CANVAS, a non-profit organization, works with the creative community to promote children's literacy, explore national identity, and broaden public awareness of Philippine art, culture, and the environment.*